ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

CONTEXT CLUES: "SAY IT, TEACH IT, PRACTICE IT" PAGPAPAUNLAD SA KAKAYAHAN NG MAG-AARAL SA PAGGAMIT NG PANLAPI SA SALITANG-UGAT SA IKA-7 BAITANG

Ethel T. Galabo[1], Carl Benedict T. Miole[2], Margie A. Tinay[3]
[1]ORCID No.:0009-0008-5326-9173
Student Researchers, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines
[2]ORCID No.:0009-0004-3628-8365
Student Researchers, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines
[31]ORCID No.:0009-0003-2813-1432
Student Researchers, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra22519
DOI No: 10.36713/epra22519

ABSTRAK

Ang pananaliksik na ito ay tumutukoy sa paggamit ng Context Clues: "Say It, Teach It, Practice It" bilang interbensyon upang mapahusay ang kasanayan ng mga mag-aaral sa ika-7 baitang ng Baltazar Nicor Valenzuela National High School, Capungagan, Kapalong, Davao del Norte sa paggamit ng panlapi sa salitang-ugat. Napag-alamang may kakulangan ang mga mag-aaral sa wastong paggamit ng mga panlapi na nagiging hadlang sa tamang pagbubuo ng pangungusap at pagpapahayag ng ideya. Isinagawa ang interbensyon upang matugunan ang suliraning ito sa pamamagitan ng makabuluhang estratehiyang pampagtuturo. Gumamit ang pananaliksik ng mga estadistikang kasangkot sa pagsusuri ng datos gaya ng mean, standard deviation, paired samples t-test, at Cohen's d. Lumabas sa pagsusuri na may makabuluhang pagtaas sa mean score ng mga mag-aaral mula pre-test (M = 21.722, SD = 4.966) patungong post-test (M = 34.250, SD = 3.894). Bukod dito, ipinakita ng paired sample t-test na ang pag-unlad na ito ay estadistikang makabuluhan, t (35) =20.193 p<.001, na may malaking epekto sa Cohen's d = 3.366. Ipinakita sa resulta ng post-test na "mataas" ang naging antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng panlapi, na nagpapahiwatig ng malaking pag-unlad mula sa pre-test. Bagama't epektibo ang interbensyon, may ilang aspeto ng paggamit ng panlapi na nangangailangan pa rin ng karagdagang pagsasanay. Nagkaroon ng malaking epekto ang estratehiya sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa kabuoan, napatunayan sa pag-aaral na ang paggamit ng Context Clues: "Say It, Teach It, Practice It" ay mabisang interbensyon upang malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng panlapi, na nakatutulong sa mas mahusay na pag-unawa at mas aktibong partisipasyon sa pagkatuto ng wika.

MGA SUSING SALITA: *Context Clues, Say It, Teach It, Practice It, quantitative-experiment method, Ika-7 baitang, BNVNHS*

INTRODUKSYON

Sa aksyong pananaliksik na ito, ay naglalayong itatag ang mga pangunahing konsepto ng pag-aaral. Sa bahaging ito, ang paggamit ng interbensyon ay upang mabigyan ng mas sistematisadong pagtingin sa mga hakbang na kinakailangan upang mabigyang solusyon ang isang problema. Nakasaad dito na ang *context clues: "say it, teach it, practice it"* ay ang mga konsepto na lumitaw bilang isang potensyal na epektibong estratehiya ng interbensyon sa iba't ibang larangan, lalo na sa edukasyon (Yuan et al.,2023). Kung kaya, ang proseso ng pagdaragdag ng panlapi sa salitang-ugat ay malawakang kinikilala bilang isang pangunahing paraan sa pagbuo ng pangungusap (Belyaev, 2023). Ang prosesong ito ay nagsasangkot ng paglakip ng isa o higit pang panlapi sa isang salitang-ugat na morpema, na nagreresulta sa paglikha ng mga bagong salita. Tulad ng ipinaliwanag sa mga aklat-aralin sa *leksikolohiya*, ang paglalagay ng panlapi ay nagpapahintulot sa pagpapalawak ng bokabularyo sa pamamagitan ng pagbabago ng mga umiiral na salita, (Antrushina et al.,2021).

Sa iba't ibang bansa sa Asya, nahaharap ang mga mag-aaral sa mga suliranin kaugnay ng pag-unawa at paggamit ng panlapi. Sa Indonesia, nahihirapan silang tukuyin at suriin ang iba't ibang uri ng panlapi na nagiging hadlang sa pag-unawa sa istruktura ng salita (Afifah, 2021). Sa Kazakhstan, ang pagbabago ng anyo at gamit ng salita dahil sa panlapi ay nagdudulot ng kalituhan, kaya't kinakailangan ng malinaw na proseso sa pagtuturo nito (Temirgazina at Andryushchenko, 2023). Samantala, sa Thailand, naging hamon ang paggamit ng Ingles na gramatika sa pag-aaral ng panlapi, kaya't mahalagang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

matutunan muna ang kaibahan ng unlapi at hulapi upang magamit nang tama sa gramatika at komunikasyon (Nation, 2022).

Sa Pilipinas, nahaharap ang mga mag-aaral sa iba't ibang rehiyon sa hamon ng pag-unawa at paggamit ng panlapi at talasalitaan. Sa San Pablo City, kakulangan sa kaalaman sa talasalitaan ang nagdudulot ng kahirapan sa pag-unawa ng panuto at aralin, na nagreresulta sa mababang marka (Lopez, 2024). Sa Bato, Leyte, naapektuhan naman ang paggamit ng panlapi dahil sa makabagong wika ng Gen Z na pinapaboran ang pagpapaikli ng mga salita (Gime at Macascas, 2020). Samantala, sa Surigao del Sur, nahihirapan ang mga mag-aaral sa tamang paggamit ng panlapi dahil sa impluwensya ng ponemang nakapaligid dito, kaya't kinakailangan ng masusing pagtuturo ng mga tuntunin sa morpema (Gorumba, 2021).

Sa Dibisyon ng Davao del Norte, partikular sa Baltazar Nicor Valenzuela National High School, lumitaw sa isinagawang formatibong pagtatasa ng mga guro sa Filipino 7 na mahigit 46% ng mga mag-aaral ay nahihirapan sa wastong paggamit ng panlapi at pagkabit nito sa salitang-ugat. Ayon sa pagsusuri ng mga gawaing papel at pagsasanay, kadalasang nagkakaroon ng mali sa pagbubuo ng mga salita gaya ng *naglaro* na nagiging *laronag* o *tumakbo* na nagiging *takbutum*. Bunga nito, hindi lamang nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagbubuo ng tamang pangungusap, kundi naapektuhan din ang kanilang kakayahan sa pagpapahayag ng malinaw na ideya, na makikita sa mga sagot nilang hindi tugma sa tanong o walang lohikal na daloy ng kaisipan.

Sa ibang pag-aaral, may mga mananaliksik na nagsagawa ng pag-aaral hinggil sa paghubog sa kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng panlapi at salitang-ugat kagaya ng pananaliksik nina Al-Sakkaf et at., (2023) na may pamagat na *"The Effectivenss of a Program Based on the Teaching of Affixes in Developing Morphological Awareness of Arts, Dhamar University"* na nakatuon sa mga piling mag-aaral sa sekondarya na may layunin tukuyin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng panlapi at ang pag-aaral ni Deters (2023) na may pamagat na *"Vocabulary Instruction in the Middle Grades: Moving Past Memorization"* ngunit nakatuon naman ito sa pangmalawakang bokabularyo ng mga mag-aaral at hindi talaga nakatutok sa baitang 7 lamang. Dagdag pa sa pananaliksik ni Sharpe (2023) na may pamagat na *"Strategic Morphological Intervention for Vocabulary in Reading Comprehension"* na ginamit ang pagtukoy at pag-alam sa panlapi ngunit pinagtuunan ang kasanayan sa pagbasa sa lebel ng sekondarya.

Ang mga nabanggit ay nakatuon sa pagpapahusay at pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa panlapi at salitang-ugat ngunit hindi nakatuon sa baitang 7 kung kaya ito ay magiging batayan ng mga mananaliksik na makita ang pangangailangan na magawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang epekto ng interbensyon sa pagpapaunlad sa kaalaman nang paggamit ng panlapi sa salitang-ugat ng mga mag-aaral sa ika-7 baitang mula sa Baltazar Nicor Valenzuela National High School (BNVNHS).

Ang pagsusuri ng mga mananaliksik sa pag-aaral na ito ay isinagawa dahil ang isyung ito ay nakababahala at nangangailangan ng agarang aksyon. Ang agarang pag-aaral ay napakahalaga dahil sa kasalukuyang panahon, nahaharap ang mga mag-aaral sa mga hamon sa kahirapan sa gagamit ng tamang panlapi kapag ipinagsama sa salitang-ugat. Ang *context clues* ay isang makabagong pamamaraan na may potensyal na magpataas ng kanilang motibasyon at pagkatuto, na siya namang kritikal sa kanilang akademikong pag-unlad. Kung hindi matutugunan ang isyung ito, maaaring magpatuloy ang pagbaba ng kalidad ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Kaya't kinakailangan ng agarang pagsusuri upang matukoy kung paano ito makakatulong sa pagpapabuti ng kaalaaman sa paggamit ng panlapi sa salitang-ugat lalo na sa mga guro na magsisilbing gabay sa hinaharap ng mga mag-aaral.

Layunin ng Pananaliksik

Ang mga tanong sa pananaliksik sa ibaba ay gagamitin upang siyasatin ang mga dahilan kung paano ang *Context Clues: "Say it, Teach it, Practice it"* ay magiging isang interbensyon para sa mga mag-aaral na mahubog ang kanilang kasanayan sa pagpapanatili ng kanilang atensyon sa pag-aaral upang maging interaktibo at may kooperasyon ang bawat mag-aaral. Ang mga katanungan sa pananaliksik na naging gabay sa pag-aaral na ito ay ang mga sumusunod:

1. Ano ang antas ng mga mag-aaral sa paggamit ng panlapi sa salitang-ugat ng mga mag-aaral sa akademiko bago ang interbensyong *context clues: "say it, teach it, practice it"?*
2. Ano ang antas ng mga mag-aaral sa pagpapaunlad ng paggamit ng panlapi sa salitang-ugat ng mga mag-aaral sa akademiko pagkatapos maipatupad ang interbensyong *context clues: "say it, teach it, practice it"?*
3. May makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga puntos sa isinagawang *pre-test* at *post-test;* at
4. Sa iyong pananaw, mayroon bang partikyular na aspekto ng interbensyon na nagdulot ng pagbabago sa kakayahan ng mga mag-aaral?

Haypotesis

Ang null haypotesis ay susukatin sa 0.05 na antas ng katiyakan na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba ang *Pre-test* at *Post-Test* matapos ang ginawang interbensyon na *Context Clues: "Say It, Teach It, Practice It"* Pagpapaunlad sa kakayahan ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Panlapi sa Salitang-ugat sa Ika-7 Baitang.

Iminungkahing Inobasyon, Interbensyon at Istratehiya

Ang *Say It* ay ang unang hakbang sa interbensyon na isasagawa upang mapalawig ang kaalaman sa paggamit ng panlapi at salitang-ugat. Narito ang mga hakbang sa pagsasagawa nito: (1) ipapakilala ng mananaliksik kung ano ang panlapi; unlapi, gitlapi, hulapi. Maging ang kahulugan at mga halimbawa ng salitang-ugat. (2) Magbibigay ng mga halimbawa ang mananaliksik na dapat ulitin ng mga mag-aaral, (3) kinakailangan na maulit na mabigkas ng mga mag-aaral ang ibabahaging halimbawa ng mananaliksik.

Sa *Teach It* naman, ito ay ang ikalawang hakbang sa isasagawang interbensyon upang mapalawig ang tamang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

paggamit ng panlapi at salitang-ugat. Narito ang mga hakbang sa pagsasagawa nito: (1) Itututuro ang mga halimbawa ng panlapi: unlapi, gitlapi, hulapi at (2) ibabahagi ng mananaliksik ang mga halimbawa ng salitang-ugat. (3) Ilalahad ng mananaliksik kung ano ang magiging resulta kapag pinagsama ang panlapi at salitang-ugat at (4) ipapaliwanag ang kaibahan sa paggamit ng unlapi, gitlapi at hulapi kapag ipinagsama na sa salitang-ugat.

Samantalang sa *Practice It* naman, pagkatapos maituro at maipaliwanag kung ano ang panlapit at salitang-ugat, kinakailangan na gawin ang panghuling interbensyon na ito. Kinakailangn gawin ang mga hakbang na ito: (1) pagtutuonan muna ng pansin ng mananaliksik ang unlapi at salitang-ugat at (2) sasanayin ng mananaliks ang mga mag-aaral sa paggamit ng unlapi at salitang-ugat. (3) Gamit ang puzzle, ito ang magiging instrumento sa pagsasagawa ng interbensyon na ito. (4) Panghuli, gagawa ng pagtatasa ang mananaliksik upang sukatin kung may natutuhan ang mga mag-aaral sa isinagawang interbensyon.

Sa ikalawang bahagi naman, kinakailangan gawin ng mananaliksik ang mga hakbang na ito: (1) pagtutuonan muna ng pansin ng mananaliksik ang gitlapi at salitang-ugat at (2) sasanayin ng mananaliks ang mga mag-aaral sa paggamit ng gitlapi at salitang-ugat. (3) Gamit ang puzzle, ito ang magiging instrumento sa pagsasagawa ng interbensyon na ito. (4) Panghuli, gagawa ng pagtatasa ang mananaliksik upang sukatin kung may natutuhan ang mga mag-aaral sa isinagawang interbensyon.

Sa panghuling bahagi naman, kinakailangan gawin ng mananaliksik ang mga hakbang na ito: (1) pagtutuonan muna ng pansin ng mananaliksik ang hulapi at salitang-ugat at (2) sasanayin ng mananaliks ang mga mag-aaral sa paggamit ng hulapi at salitang-ugat. (3) Gamit ang puzzle, ito ang magiging instrumento sa pagsasagawa ng interbensyon na ito. (4) Panghuli, gagawa ng pagtatasa ang mananaliksik upang sukatin kung may natutuhan ang mga mag-aaral sa isinagawang interbensyon.

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng *pre-experimental* na disenyo na kung saan ito ay gumamit ng *pre-test* at *post-test* na pamamaraan. Ang disenyong ito ay gumamit ng *pre-test,* pagkatapos ay may interbensyong gagawin at magkakaroon ng isang *post-test.* Gumamit din ang pag-aaral na ito ng lokasyon ng pagsusuri, mga kalahok sa pananaliksik, mga kagamitan sa pagkuha ng datos, pamamaraan ng pagkuha ng impormasyon, pagsusuri ng datos, at mga estadistikal na kasangkapan. Layunin nitong alamin ang mga tugon ng mag-aaral kung may pag-unlad ba matapos maturuan sa paggamit ng tamang panlapi (Tarigan et al., 2020).

Sa pamamagitan ng *pre-experimental* na desinyo, natukoy ng mananaliksik ang kaibahan ng datos mula sa pre-test patungo sa post-test. Dulot ito sa interbensyong ginawa na naglalayong paunlarin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng panlapi sa salitang-ugat. Hudyat lamang ito na matagumpay na nailapat ang kaalaman sa mga mag-aaral at dahil na rin sa tulong ng mga kagamitan upang masuri at matukoy ang datos.

Partisipante ng Pag-aaral

Ang aksyong pananaliksik ay isang pag-aaral na isinasagawa ng mga tagapagturo upang masuri at matugunan ang mga suliraning kinakaharap sa loob ng paaralan, partikular sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto (Mills, 2003). Kaugnay nito, ang pananaliksik na ito ay naglalayong tukuyin ang bisa ng paggamit ng context clues: *"say it, teach it, practice it"* bilang interbensyon sa pagpapabuti ng paggamit ng panlapi at salitang-ugat ng mga mag-aaral sa Baitang 7.

Gagamit ito ng pre-experimental design na may pre-test at post-test upang masukat ang epekto ng interbensyon (Creswell, 2012). Sa pre-test, susuriin ang antas ng kaalaman at atensyon ng mga mag-aaral bago ang interbensyon. Susundan ito ng mga interaktibong aktibidad gamit ang context clues upang linangin ang pag-unawa sa panlapi at salitang-ugat. Pagkatapos, isasagawa ang post-test upang matukoy ang naging pag-unlad ng mga mag-aaral. Ang pagkakaiba sa resulta ng pre-test at post-test ang magsisilbing batayan
sa bisa ng estratehiya sa pagtuturo.

Sampol at Populasyon

Sa pag-aaral na ito, seksyon *daisy* ng ika-7 baitang na may 36 na mag-aaral ang napili bilang partisipante dahil dito napansin agad ang agarang pangangailangan at problema sa tamang paggamit ng panlapi at salitang-ugat. Bagamat iisa lamang ang seksyon, ito ay kinakatawan ng mga mag-aaral na nakararanas ng parehong suliranin, kaya nararapat silang pagtuunan ng pansin bilang prayoridad.

Talahanayan 1
Pre-Experimental na Disenyo

Grupo	Pre-test	Interbensyon	Post-test
Pre-Experimental (Daisy)	C1	X	C2

Ang pagpili sa seksyong ito ay praktikal at makabuluhan dahil nagbibigay ito ng pagkakataon na agad masimulan ang interbensyon sa grupo kung saan malinaw ang pangangailangan, at mas madali ring masubaybayan ang epekto nito. Sa ganitong paraan, mas mabilis na matutugunan ang problema at maipapatupad ang solusyon na maaaring maging modelo sa ibang seksyon o baitang.

Paglikom ng Datos

Ang pananaliksik na ito ay daraan sa masusing at sistematikong proseso upang matiyak ang kalidad at angkop ng datos sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

pagbuo ng konklusyon. Matapos ang interbensyon gamit ang *context clues: say it, teach it, practice it*, isasagawa ang post-test upang malaman kung may pagbabago sa kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng panlapi at salitang-ugat kumpara sa pre-test.

Bago ang pagsusuri ng datos, ang mga tala at manuskrito ay daraan sa beripikasyon ng lupon ng tagapagsuri ng Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology upang matiyak na sumusunod ito sa tamang proseso at etikal na pamantayan. Ang mga mag-aaral sa ika-7 baitang ng Baltazar Nicor Valenzuela National High School ay sasailalim sa pagsusuri gamit ang talatanungan ni Lopez (2024), na nahahati sa dalawang bahagi: morpema batay sa panlapi at morpema batay sa salitang-ugat. Susuriin ng mga eksperto ang mga datos upang matukoy ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral.

Sa huli, muling rerepasuhin ang resulta upang makabuo ng konklusyon at rekomendasyon. Sisiguraduhin ding ang mga datos ay naberipika at nasuri ng mga dalubhasa upang maiwasan ang bias at mapagtibay ang kredibilidad ng pananaliksik.

Pag-aanalisa ng Datos

Ang pagsusuri ng datos ay mahalagang bahagi ng pananaliksik sapagkat ito ay tumutukoy sa sistematikong pag-aanalisa at interpretasyon ng mga nakalap na impormasyon upang makabuo ng makabuluhang kaisipan at wastong konklusyon. Ang mga datos na malilikom mula sa mga sinagutang talatanungan ng mga mag-aaral sa ika-7 baitang ng Baltazar Nicor Valenzuela National High School ay daraan sa *data reduction*, kung saan pipiliin lamang ang mahahalagang datos na may kaugnayan sa layunin ng pag-aaral. Kasunod nito ay ang *coding*, o ang paglalapat ng mga kategorya at label sa mga datos upang mas madaling maunawaan at mapangkat ang mga sagot. Sa huli, isasagawa ang *thematic analysis* upang tukuyin ang mga umuusbong na tema at pattern na magbibigay-linaw sa epekto ng interbensyong *context clues: say it, teach it, practice it* sa pag-unlad ng kakayahan sa paggamit ng panlapi at salitang-ugat.

Ang pamamaraang gagamitin sa pagsusuri ng mga datos sa pag-aaral na ito ay ang t-test bilang isang ratio sa pagmamarka kung gaano kahalaga ang pagkakaiba ng 'means' ng dalawang grupo, na binibigyan pansin ang kanilang pagkakaiba o distribusyon. Ang t-test ay gagamitin para sa pagsusuri ng hypothesis upang matukoy kung may epekto ang isang proseso sa parehong mga sample o kung ang mga grupo ay magkaiba sa isa't isa (Gosset at Silverman, 1908).

Kung gayon, sa unang hakbang ay ang ang pagtukoy sa mga magiging resulta sa pagpapaunlad ng paggamit ng panlapi at salitang-ugat, at pag-organisa sa mga kasagutan ng mga mag-aaral sa pammaagitan ng talatanungang ibibigay. Batay sa layunin ng pananaliksik na matukoy ang mga antas ng mga mag-aaral sa sa pagpapabuti ng pagganap ng mga mag-aaral sa akademiko pagkatapos ng implementasyon ng interbensyon. Ang mananaliksik ay maglilikom ng mga datos at kapag naipon na ang lahat ay ibibigay ito sa eksperto sa pagsusuri at pag-aanalisa nito. Panghuli, bago ang interbensyon ay naunang siniyasat ng mga mananaliksik ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng obserbasyon at sa gabay at tulong na rin ng mga guro.

Instrumento ng Pananaliksik

Gamit ang adaptive questionnaire sa aktibidad ng www.gomom.com tungkol sa kontekswalisadong *learning activity sheet* ng morpema ang magiging batayan sa gagawing pretest at post-test ng mga mag-aaral. Ito ay talasagutan na gagamitin sa pagsusuri na may dalawang (2) seksyon sa pagsusuri: panlapi at salitang-ugat.

Gamit ang range of mean perecentage, makikita ang pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa panlapi at salitang-ugat gamit ang interbensyon. Ito ay batay sa rubrik ni John Dryden (1760) *word by word and line by line* upang pagbatayan sa mga puntos na ibinigay ng eksperto sa pagsusuri ng paggamit ng panlapi sa salitang-ugat mula sa pre-test hanggang post-test.

Upang masukat ang tumpak na sukat ng lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagpapahusay sa kakayahan sa paggamit ng panlapi sa salitang-ugat, ang nasa ibaba ang ginamit:

Talahanayan 2
Range of Mean Percentage

Saklaw ng Porsyento ng Mean	Kahulugan	Interpretasyon
90-100	Napakataas	Ang antas ng pagpapaunlad sa kakayahan ng mag-aaral sa paggamit ng panlapi sa salitang-ugat gamit ang interbensyon ay laging naipapakita.
75-89	Mataas	Ang antas ng pagpapaunlad sa kakayahan ng mag-aaral sa paggamit ng panlapi sa salitang-ugat gamit ang interbensyon ay madalas na naipapakita.
60-74	Katamtaman	Ang antas ng pagpapaunlad sa kakayahan ng mag-aaral sa paggamit ng panlapi sa salitang-ugat gamit ang interbensyon ay minsan lang naipapakita.
40-59	Mababa	Ang antas ng pagpapaunlad sa kakayahan ng mag-aaral sa paggamit ng panlapi sa salitang-ugat gamit ang interbensyon ay bihirang naipapakita.
0-39	Napakababa	Ang antas ng pagpapaunlad sa kakayahan ng mag-aaral sa paggamit ng panlapi sa salitang-ugat gamit ang interbensyon ay hindi naipapakita.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Estadistikal Tritment ng Datos
Sa pagsusuri ng nalikom na datos, ginagamit ang mga sumusunod sa istadistika:

Mean. Ginamit upang alamin ang antas ng kontekswalisadong learning activity sheet ng morpema sa pamamagitan ng natamong iskor sa batayan ng mga mananaliksik sa kanilang katanungan.

Standard deviation ay isang estadistikal na panukat na nagpapahayag kung gaano kalawak ang puntos mula sa *average value o mean*.

Paired T-test. Ginamit ito upang suriin ang istatistikal na pagkakaiba sa pagitan ng dalawang grupo o kondisyon (Gleichmann, 2020). Ito rin ay nakatulong upang tukuyin ang makabuluhang pagkakaiba sa *pre-test* at *post-test* ng mga mag-aaral na nasa baitang 7 ng Baltazar Nicor National High School kaugnay sa paggamit ng panlapi sa salitang-ugat.

Cohen's d. Ginamit ito upang sukatin ang laki ng epekto ng interbensyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng Cohen's d, natukoy kung gaano kalakas ang epekto ng *context clues: say it, teach it, practice it* sa pagpapahusay sa paggamit ng panlapi sa salitang-ugat (Cohen, 1988).

RESULTA AT DISKUSYON

Inilalahad sa kabanatang ito ang resulta o datos na nakuha sa pag-aaral. Ang kabanatang ito ay nagpapakita ng data sa antas ng mga puntos ng mga mag-aaral sa *pre-test* ng eksperimental na grupo bago isasagawa ang interbensyong *Context Clues: "Say it, Teach it, Practice it"*; ang antas ng mga puntos ng mga mag-aaral sa *post-test* ng eksperimental na grupo matapos ang pagpapatupad ng interbensyong *Context Clues: "Say it, Teach it, Practice it"* ang makabuluhang pagkakaiba ng marka sa pagitan ng *pre-test* at *post-test* ng eksperimental na grupo bago at matapos maisagawa ang interbensyong *Context Clues: "Say it, Teach it, Practice it"*at ang naging pananaw at karanasan ng mga mag-aaral hinggil sa bisa at epektibong paggamit ng *Context Clues: "Say it, Teach it, Practice it"* bilang interbensyon sa pagpapahusay ng kanilang kaalaman sa wastong paggamit ng mga salita sa Filipino.

Research Objective No. 1 Ano ang antas ng mga mag-aaral sa paggamit ng panlapi sa salitang-ugat ng mga mag-aaral sa akademiko bago ang interbensyong *context clues: "say it, teach it, practice it"?*

Talahanayan 3
Resulta ng *Pre-Test*

Iskor sa *Pre-test*	*Frequency*	Bahagdan
10	1	2.78 %
11	1	2.78 %
14	3	8.33 %
15	1	2.78 %
17	2	5.56 %
19	3	8.33 %
21	2	5.56 %
22	2	5.56 %
23	5	13.89 %
24	5	13.89 %
25	3	8.33 %
26	5	13.89 %
28	1	2.78 %
29	1	2.78 %
30	1	2.78 %
Kabuoan	36	100 %
Kabuoang *Mean*		**21.72**
Mean Percentage Score		**54%**
Standard Deviation		**4.966**
Deskripsyon		**Mababa**

Sa resulta ng isinagawang *pre-test* ay makikita sa Talahanayan 3. Batay sa datos na nakuha, lumabas na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga panlapi sa salitang ugat ay mayroong kabuoang *mean* na 54% na may deskriptibong katumbas na katamtaman at may *standard deviation* na 4.966. Ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral ay may kakayahan sa paggamit ng mga panlapi sa iilang salitang ugat, ngunit may iilang kahirapan din sa iilang salitang ugat o sa paggamit ng ibang bahagi ng panlapi upang maging angkop na panlapi ang gagamitin.

Karugtong nito, makikita sa talahanayan na ang pinakamataas na markang nakuha ay 30 na may *frequency* na 1 at bahagdan na 2.78. Nangangahulugan na sa kabuoang bilang ng populasyon na 36, isa (1) lamang ang nakakuha ng mataas na iskor at ang nakakuha ng passado na marka. Samantala, ang pinakamababang iskor naman na nakuha ay 10, na may *frequency* na 1 at may bahagdan na 2.78. Nangangahulugan ito na isa (1) lang ang nakapasa sa pagsusulit.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Bilang karagdagan, makikita sa talahanayan na ang pinakamadalas na nakuhang marka ng mga mag-aaral ay 23,24, at 26, na may *frequency* na 5 at may bahagdan na 13.89. Ibig sabihin, ito ang mga markang kadalasang nakuha ng mga mag-aaral matapos maisagawa ang *pre-test.*

Sa pag-aaral nila Bhatti at Mukhtar (2020), ang mga panlapi ay may mahalagang papel sa pagkatuto ng wika (Ingles) bilang pangalawang wika. Nangangahulugan na kakailanganin na tugunan ang mga suliranin, hamon, pangangailangan, at interes kaugnay ng paggamit ng mga panlapi, gayundin ang kahalagahan nito sa pag-unlad ng bokabularyo kahit pa nakakuha sila ng katamtaman na marka.

Talahanayan 4
Buod ng *Mean Scores* at Deskripsyon ng mga *Indicator* bago ang Interbensyon

Indicators	Pre-test	
	Average Percentage Scores (%)	Description
Unlapi	56%	Mababa
Gitlapi	47%	Mababa
Hulapi	62%	Katamtaman
Overall Percentage Score (%)	**54%**	**Mababa**

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang *mean scores* bago at pagkatapos ng interbensyon. Kapansin-pansin ang malinaw na pagtaas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa paggamit at pagtukoy ng panlapi sa salitang-ugat. Sa *pre-test*, halos lahat ng *indicator* ay nasa saklaw sa mababa hanggang katamtaman na deskripsyon na nangangahulugang ang kaalaman at wastong gamit ay bihirang naipapakita.
Mapapansing ang Hulapi ang nakakuha ng 62% na may deskripsyon na katamtaman. Bagama't maayos ang resulta, kailangan pa rin ang interbensyon upang mas mapaunlad pa ang kaalaman sa paggamit ng panlapi sa salitang-ugat. Samantala, ang paggamit ng mga panlaping Unlapi, at Gitlapi nakakuha ng mababang porsyento na 47-56% na nasa mababang deskripsyon. Hudyat itong kailangan na pagtuunan nang pansin ay pagpapayabong ng kasanayan at pag-implementa sa interbensyon.

Ang resulta ng pananaliksik na ito ay magkakatulad sa pag-aaral ni Salih et al., (2023), na kung saan ipinakita nila sa bandang ika-6 na talatanungan na ang nakakuha lang ng tamang sagot sa tanong na ito ay 56.8%, ng populasyon. Gaya rin sa nakuhang *mean percentage score* na 54%. Nangangahulugan lamang ito na marami pa ring mga mag-aaral ang nangangailangan ng pagsasanay para mas mapaunlad pa ang kakayahan at kasanayan sa paggamit ng angkop na panlapi ng mga mag-aaral.

Research Objective No. 2 Ano ang antas ng mga mag-aaral sa pagpapaunlad ng paggamit ng panlapi sa salitang-ugat ng mga mag-aaral sa akademiko pagkatapos maipatupad ang interbensyong *context clues: "say it, teach it, practice it"?*

Batay sa datos na nakuha, lumabas na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga panlapi sa salitang ugat ay mayroong kabuoang *mean* na 86% na may deskriptibong katumbas na mataas at may *standard deviation* na 3.894. Ito ay nangangahulugang ang mga mag-aaral ay may kakayahan na sa paggamit ng mga panlapi sa halos lahat ng salitang ugat. Nagkaroon ng pagbabago sa kanilang iskor nang matapos ang interbensyon sapagkat mas nadaragdagan pa lalo ang kanilang nakuhang marka.

Makikita sa talahanayan na ito na ang pinakamataas na markang nakuha ay 39 na may *frequency* na 1 at bahagdan na 2.78. Nangangahulugan na sa kabuoang bilang ng populasyon na 36, tatlumpo (30) ang nakakuha ng mataas na iskor at ang nakakuha ng passado na marka. Samantala, ang pinakamababang iskor naman na nakuha ay 22, na may *frequency* na 1 at may bahagdan na 2.78. Nangangahulugan na ang tatlumpong (30) mag-aaral ay nakakuha ng mataas at pasadong marka, at anim (6) naman ang nakakuha na iskor na mababa sa 30.

Bukod pa rito, makikita sa talahanayan na ang pinakamadalas na nakuhang marka ng mga mag-aaral ay 36, na may *frequency* na 8 at may bahagdan na 22.22. Sinundan naman ito sa iskor na 38 na isa sa pinakamadalas na nakuha ng mag-aaral na may *frequency* na 6 at bahagdan na 16.67. Ibig sabihin, ito ang mga markang kadalasang nakuha ng mga mag-aaral matapos maisagawa ang *pre-test.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 5
Resulta ng *Post-Test*

Iskor sa *Post-test*	*Frequency*	Bahagdan
22	1	2.78 %
27	1	2.78 %
28	3	8.33 %
29	1	2.78 %
30	1	2.78 %
32	1	2.78 %
33	2	5.56 %
34	3	8.33 %
35	5	13.89 %
36	8	22.22 %
37	3	8.33 %
38	6	16.67 %
39	1	2.78 %
Kabuoan	**36**	**100 %**
Kabuoang *Mean*		**34.25**
Mean Percentage Score		**86%**
Standard Deviation		**3.894**
Deskripsyon		**Mataas**

Sa pag-aaral na naisagawa ni Georgiou et al., (2021), napagtanto ng pananaliksik na ang paggamit ng mga mag-aaral sa kaalaman sa panlapi at salitang-ugat ay dahil sa tulong ng interbensyon kagaya ng palagiang pagpapabasa sa mga salita, at pagtukoy sa gamit o pagdadagdag ng panlapi sa salitang-ugat. Nagdulot ito ng magandang resulta sa marka ng post-test nang mga mag-aaral.

Talahanayan 6
Buod ng *Mean Scores* at Deskripsyon ng mga *Indicator* Matapos ang Interbensyon

Indicators	Post-test	
	Average Percentage Scores (%)	Description
Unlapi	88%	Mataas
Gitlapi	80%	Mataas
Hulapi	90%	Napakataas
Overall Percentage Score (%)	**86%**	**Mataas**

Matapos maimplementa ang interbensyon, makikita sa Talahanayan 6 ang pagtaas ng pagkatuto dahil bawat indicator ay nakakuha ng napakataas na diskripsyon. Ang Hulapi ang nakakuha ng 90% nangangahulugang napakataas hudyat na mas napaunlad ng mga mag-aaral ang kaalaman nila sa paggamit nito. Samantalang ang Unlapi naman na mula sa mababa ay nakakuha na ng 88% na may diskripsyon na mataas. Panghuli ay ang gitlapi na may 80% na nangangahulugang napakataas. Kung pagbabatayan, ang posryento na nakuha ay tumaas mula sa mababa tungo mataas. Nangangahulugan itong ang intebensyon na naimplementa ay matagumpay. Sa kabuoan, ang pangunahing *mean percentage score* ng mga mag-aaral ay tumaas mula 54% na mababa patungo sa 86% na mataas.

Maaring pagbatayan ang pananaliksik ni Levesque et al., (2021) na batay sa resulta ng pag-aaral sa *post-test,* ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagtukoy ng gamit ng panlapi sa salitang-ugat ay may malaking salik sa pag-unlad ng kasanayan ng mag-aaral na gamitin o idagdag ito sa pangungusap.

Dagdag pa nina Carlisle (2003) at Chan et al., (2020) na sa resulta ng pananaliksik na naisagawa, ang malawakang kaalaman ng mag-aaral sa panlapi (unlapi, gitlapi, at halapi) ay may malaking epekto upang mapataas ang mababang kaalaman sa gamit nito sa salitang-ugat. Kung gayon, naging batayan ang palagiang drill o mga pagsusulit at paggamit nito sa mga salita o pangungusap nang sa gayon ay napagtagumpayan ang kaalamang pag-unlad.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Research Objective No. 3 May makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga puntos sa isinagawang *pre-test* at *post-test*?

Talahanayan 7
Makabuluhang Pagkakaiba ng *Pre-test at Post-test na* Iskors

Type of Test	*N*	*df*	*Mean*	*Mean difference*	*SD*	*t-value*	*P-value*	*Cohen's d*	*Decision a=0.05*
Post-test	36	35	34.250	12.528	3.894	20.193	<.001	3.366	Significant
Pre-Test	36		21.722		4.966				

Batay sa Talahanayan 7, isinagawa ang *Paired Samples T-Test* upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng marka ng mga mag-aaral sa *pre-test* at *post-test* matapos ang isinagawang interbensyon, t (35) =20.193 p<.001. Ang *p-value* na ito ay mas mababa kaysa sa karaniwang antas ng kahalagahan (α = 0.05), kaya't ito ay nangangahulugang may estadistikong makabuluhang pagkakaiba sa *performance* ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon. Sa madaling salita, ang pagtaas ng marka sa *post-test* ay hindi bunga ng pagkakataon lamang, kundi bunga ng epektibong implementasyon ng interbensyon o pagtuturo.

Ang nakalkulang cohen's d na 3.366 ay nagpapahiwatig ng napakalaking epekto. Bnigyang-turing nito na ang ipinatupad na interbensyon sa pag-aaral ay may napakalakas na epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Binibigyang-diin ng resultang ito ang bisa *ng context clues: "say it, teach it, practice it*" na interbensyon at ang potensyal nito na lubos na mapahusay ang kahayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng panlapi sa salitang-ugat.

Pinatutunayan ng mga natuklasan na may estadistikang makabuluhang pag-unlad sa kasanayan sa pagsasaling-wika ng mga mag-aaral matapos ang *context clues: "say it, teach it, practice it*" na interbensyon. Ang malaking pagtaas sa mean scores, kasama ang mataas na t-value at mababang p-value, ay nagbibigay ng matibay na ebidensiya ng bisa ng interbensyon. Sa konklusyon, ipinapakita ng *context clues: "say it, teach it, practice it*" na interbensyon ang makabuluhan at positibong epekto sa kahayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng panlapi sa salitang-ugat.

Sa pananaliksik ni Goodwin (2020), ang kaibahan ng marka ng mga mag-aaral sa pre-test at post-test ay dahil sa pagpapatupad ng mga interbensyong naglalayong mapataas ang komprehensyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga panlapi sa salitang-ugat. Dulot nito, ang maayos na pagtuturo sa paggamit ng mga panlapi at salitang-ugat ang dulot nang pagtaas ng kaalaman ng mga mag-aaral na nagreresulta sa akademikong tagumpay.

Research Objective No. 4 Sa iyong pananaw, mayroon bang partikyular na aspekto ng interbensyon na nagdulot ng pagbabago sa kakayahan ng mga mag-aaral?

Talahanayan 8
Pananaw ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng Panlapi sa Salitang-ugat

Essential Themes	*Supporting Statements*
Paglinang ng Kasanayan sa Pagbigkas ng Salitang-Ugat at Panlapi	• *"Say It ang nagturo sa akin ng tamang bigkas." (IDI 10)* • *"Sa Say It, naging madali sa akin ang pagbigkas ng bagong salita." (IDI 9)* • *"Say It ang tumulong sa akin para masanay ang dila ko sa pagbikas ng salitang may panlapi." (IDI 8)* • *"Say It ang unang hakbang na nagturo sa akin ng tamang bigkas ng salitang-ugat maging ang mga halimbawa ng panlapi." (IDI 5)* • *"Natutuhan ko kung paano bigkasin ang mga mahahabang salita lalo na yung may gitlapi." (IDI 3)* • *"Sa Say It, natulungan ako na mas maintindihan at mabigkas nang tama ang mga panlapi at salitang-ugat." (IDI 2)*
Nagpapalalim sa Pag-unawa ng Istruktura at Kahulugan ng Salita	• *"Epektibo ang Teach It kasi doon ko mas lalong naintindihan ang kahulugan ng mga panlapi at kung paano sila ginagamit kasama ng mga salitang-ugat." (IDI 1)* • *"Epektibo ang Teach It kasi doon ko naintindihan ang kaibahan ng unlapi, gitlapi, at hulapi. Sa bawat halimbawa at paliwanag ni teacher, mas naging malinaw kung paano nababago ang kahulugan ng salita kapag may panlapi." (IDI 2)* • *"Ang Teach It ang naging susi para mas maintindihan ko ang salita. Hindi lang basta pagsasanib kundi kung paano ito ginagamit sa tamang paraan." (IDI 3)* • *"Sa Teach It, nakita ko kung paano binubuo ang mga salita." (IDI 4)* • *"Sa Teach It, naging malinaw sa akin kung kailan ginagamit ang mga uri ng panlapi at ano ang epekto nito sa salita." (IDI 5)* • *"Ang Teach It ay nagbibigay linaw kung paano nabubuo ang kahulugan ng salita mula sa pagsasanib ng panlapi at salitang-ugat." (IDI 6)*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

	• *"Teach It ang nagbigay ng maayos na paliwanag kung bakit ganun ang mga salita. Mabilis ko ring naintindihan kung paano gamitin ang panlapi sa salitang-ugat kaya nababago ang kahulugan nito." (IDI 8)* • *"Teach It ang tumulong sa akin para makita kung paano pinagsasama ang panlapi at salitang-ugat nang tama." (IDI 9)* • *"Teach It ang nagpaliwanag kung bakit nagkakaroon ng ibang kahulugan ang salita sa tulong ng panlapi." (IDI 10)*
Nagpapalawak ng Kasanayan sa Paglalapat ng Panlapi sa Salitang-Ugat	• *Doon ko nakita kung tama ba ang paggamit ko ng mga panlapi at salitang-ugat." (IDI 1)* • *"Sa Practice It, naging maalam ang paggamit ko ng mga salitang may panlapi. Halimbawa, kapag gumawa kami ng pangungusap o sumagot sa mga puzzle gaya ng salitang ugat at unlapi, naipapakita ko kung tama ang pagkakaunawa ko." (IDI 2)* • *"Ang Practice It ay sobrang nakatulong kasi doon ko nalaman kung tama ba ang mga natutuhan ko. Lalo na nung pinasagot kami ng puzzle ng salitang-ugat at panlapi kung pinagsama at gumawa ng pangungusap." (IDI 4)* • *"Sa Practice It, parang naging eksperto na kami sa pagbuo ng salita gamit ang panlapi. Naging confident ako na sumagot sa mga pagsusulit." (IDI 5)*
Practive It ay Nagpapatibay ng Kasanayan sa Aktwal na Paglalapat ng Kaalaman	• *"Ang Practice It ang may pinakamalaking epekto kasi doon ko talaga na-apply ang natutuhan ko. Mas natatandaan ko ang aralin kapag ginagamit sa aktwal, hindi lang basta nakikinig." (IDI 1)* • *"Sa Practice It ko nasubok kung naiintindihan ko na ang leksyon. Nagkaroon din ako ng tiwala sa sarili na may natutunan ako kung ilalapat sa aktwal na aktibidad." (IDI 2)* • *"Practice It ang pinakaepektibo kasi nagamit ko sa aktwal ang panlapi at salitang-ugat." (IDI 4)* • *"Pinakaepektibo ang Practice It para sa akin kasi aktwal naming ginagawa ang mga natutuhan." (IDI 5)* • *"Practice It ang may pinakamatinding epekto dahil nagamit ko talaga ang mga natutuhan sa pagsasanib ng salitang-ugat at panlapi sa pangungusap." (IDI 7)* • *"Practice It ang pinakaepektibo kasi ginamit ko talaga ang natutunan ko sa totoong gawain." (IDI 8)*
Practice It ay Naghihikayat ng Aktibong Partisipasyon sa Makabuluhang Pagkatuto	• *"Gusto ko ang Practice It dahil hands-on ito. Natuto ako habang aktwal kong ginagamit ang natutuhan ko, at nakatutuwa ring makatrabaho ang mga kaklase." (IDI 3)* • *"Pinakanagustuhan ko ang Practice It kasi may kasamang laro. Hindi boring at naramdaman kong nagagamit ko talaga ang leksyon." (IDI 4)* • *"Practice It ang pinakanagustuhan ko kasi hindi lang utak ang gamit, pati mata at kamay sa pagsagot ng puzzle." (IDI 6)* • *"Ang Practice It ang gusto ko kasi may kasamang aktibidad. Mas mabilis akong natuto sa ganung paraan." (IDI 8)* • *"Practice It ang pinakanagustuhan ko kasi parang laro pero may impormasyon na mapupulot." (IDI 9)* • *"Practice It ang pinakanagustuhan ko kasi nagagamit naming ang aming nalalaman sa pangungusap gamit ang puzzle o pagdugtong ng panlapi sa salitang-ugat." (IDI 10)*

Ayon sa pag-aaral nina Levesque et al. (2021), ang maayos at sistematikong pagbigkas ng salitang-ugat at panlapi ay may mahalagang papel sa paglinang ng morpolohikal na kamalayan ng mga mag-aaral. Ang morpolohikal na kamalayan ay kinikilala bilang isang mahalagang aspeto sa pagpapabuti ng kakayahan ng mga bata sa pag-unawa sa binabasa. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Moats (2020) na ang baybay ng mga morpema ay karaniwang hindi nagbabago kahit pa may pagkakaiba sa kanilang pagbigkas. Ipinahihiwatig nito na ang pag-unawa sa estruktura ng salita, higit pa sa tunog nito ay nakatutulong sa tamang pagbasa at pagbaybay. Kapag may sapat na kaalaman ang mga mag-aaral sa estruktura ng morpema, mas nagiging epektibo sila sa pagkilala at pag-unawa ng kahulugan ng salita, kahit may mga pagbabago sa pagbigkas.

Sa pag-aaral naman ni Samaraweera (2025), ang pagkaroon ng kaalaman sa istruktura ng salita *(morphological awareness)* ay may mas malaki at natatanging epekto sa kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral kumpara sa lalim ng kanilang bokabularyo. Ang mga mag-aaral na may mas mataas

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

na antas ng kaalaman sa morpolohiya ay nagpapamalas ng mas mahusay sa gramatikal at maayos na daloy ng ideya sa kanilang mga sulatin. Dagdag pa, sa pag-aaral nina Zaretsky at Russak (2024) ang kaalaman sa istruktura ng salita *(morphological awareness)* ay mahalaga upang maunawaan ang sintaktikong ugnayan ng isang salita at mabigyang-kahulugan ito sa pamamagitan ng morpemikong pagsusuri. Ang ganitong kasanayan ay may direktang epekto rin sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa at pagsusulat, sapagkat sa tuwing nauunawaan ng isang mag-aaral ang kahulugan ng mga bahagi ng salita (morpema), mas mabilis din niyang nauunawaan ang kabuuang kahulugan ng teksto.

Batay naman sa pag-aaral ni Ekwueme (2020) na ang isang indibiwal ay makatututo ng akmang gamit ng panlapi sa salitang-ugat kung alam na ang kaibahan ng panlaping (unlapi, gitlapi, at hulapi) kapag naidadagdag na sa salitang-ugat. Batay rin kina Tarigan at Stevani (2020) na ang aspekto sa morpolohiya; Malaya man (salitang-ugat) at di-malaya (panlapi), ay nakatulong sa mga mag-aaral sa pagpapalawak ng kanilang bokabulryo. Naging epekto nito ang madaliang paggamit at pag-alam ng mga mag-aaral sa kung paano gamitin ito sa pangungusap.

Sa pananaliksik nina Tighe at Kaldes, (2024), ang pagpapatibay sa kaalaman ng mag-aaral sa morpolohiya, (salitang-ugat at panlapi) ay nakatulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang kahulugan ng salita na nagpapabuti sa kanilang bokabularyo at kakayahan sa pagbasa. Dahil dito, mas maraming atnesyon ang naibubuhos sap ag-unawa ng pangungusap at talata. Dagdag pa nina Anwar at Rosa (2020), nakita na ang pagpapayabong sa pagtuturo ng morpolohiya partikyular na sa panlapi ay nakatutulong sa pag-unlad ng kakayahan sa paggamit ng wika. Nagdulot din ito sa pagtaas ng kasanayan ng mga mag-aaral na pag-alam ng mga tuntunin sa morpolohiya at maging sa bokabularyo.

Napatunayan naman sa pag-aaral nina Yadav at Yadav (2021) na ang pagkakaroon ng kaalaman at kamalayan sa morpolohiya ay nagdudulot ng pagkaingganyo ng mga mag-aaral. Dulot nito ay nailalapat ito sa pamamagitan ng kaalaman sa kasanayan sa pagbasa, pagsulat, sa pagbaybay, sa gramatika, at bokabularyo. Sinuportahan din ito sa pag-aaral na isinagawa nina Yusnitasari at Suwartono (2020) na ang aktibong partisipasyon ay nagkakaroon ng makabuluhang pagkatuto dulot nang nakakaya maunawaan ang ugnayan at gamit ng mga salita. Resulta nito, naiingganyo ang mga mag-aaral na magsulat upang makapagpahayag ng saloobin at maging ang makipag-ugnayan sa kapwa.

KONKLUSYON

Batay sa unang layunin ng pananaliksik, lumitaw na bago maisagawa ang interbensyong *Context Clues: Say It, Teach It, Practice It*, ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng panlapi ay nasa katamtamang lebel, na may *mean percentage score* na 54%. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay may limitadong kasanayan at may kahirapan sa paggamit ng panlapi sa salitang-ugat, kaya ay kinakailangan ang isang angkop na interbensyon upang mapaunlad ang kanilang pagkatuto.

Kaugnay ng ikalawang layunin, matapos maisagawa ang interbensyon, malinaw na nagkaroon ng positibong pagbabago sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Mula sa *mean* score na 21.72 (*pre-test*), ay tumaas ito sa 34.25 (*post-test*), katumbas ng 86% *mean percentage score* na may deskripsyong "mababa". Ipinapakita nito na naging epektibo ang ginamit na estratehiya upang malinang ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng panlapi.

Bilang tugon sa ikatlong layunin, isinagawa ang *paired t-test* upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa mga iskor ng mag-aaral bago at matapos ang interbensyon. Lumabas sa pagsusuri na ang $t(35) = 20.193$, $p < .001$, na nagpapakita ng *statistically significant difference* sa pagitan ng pre-test at post-test scores. Bukod pa rito, ang nakuha na Cohen's $d = 3.336$ ay nagpapahiwatig ng napakalaking *effect size*, na nangangahulugang ang interbensyon ay may matibay na epekto sa pagtaas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng panlapi.

Para sa ikaapat na layunin, natukoy sa mga obserbasyon at resulta ng pagsusuri na ang pinakamabisang aspeto ng interbensyon ay ang malinaw at sunod-sunod na hakbang ng *Say It, Teach It, Practice It*. Sa pamamagitan ng konkretong pagpapaliwanag ng mga salita, pagtuturo ng kahulugan sa konteksto, at pagsasanay sa paggamit nito sa pangungusap, naging aktibo ang mga mag-aaral sa pagkatuto at mas lumalim ang kanilang pag-unawa at paggamit ng panlapi.

Sa kabuuan, napatunayan ng pananaliksik na ang interbensyong *Context Clues: Say It, Teach It, Practice It* ay epektibo at mabisang estratehiya sa pagtuturo ng panlapi sa mga mag-aaral sa ikapitong baitang. Gayunpaman, inirerekomenda pa rin ang pagpapalawak ng saklaw ng pananaliksik, pagsasama ng iba pang uri ng panlapi gaya ng kabilaan at laguhan, at pag-extend ng implementasyon upang mas masukat ang pangmatagalang epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

REKOMENDASYON

Ang interbensyong isinagawa ay naging matagumpay, bagama't may ilang aspekto sa pag-aaral na maaaring baguhin o paunlarin upang higit pang mapatibay ang resulta. Una, maaaring palawakin pa ang saklaw ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagsasama ng mas malaking bilang ng kahalok mula sa iba't ibang seksyon o paaralan upang mas maging representatibo ang datos. Pangalawa, ang tagal ng implementasyon ng interbensyon ay maaaring pahabain upang mas masukat ang pangmatagalang epekto nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Nakatuon lang din ang pag-aaral na ito sa tatlong uri ng panlapi at hindi sinali ang panlaping kabilaan at laguhan.

Iminumungkahi rin na gamitin ito ng mga guro bilang bahagi ng kanilang mga inobatibong pamamaraan sa pagtuturo upang maisulong ang estratehiyang ito hindi lamang sa isang seksyon kundi sa mas malawak na grupo ng mga mag-aaral upang mas mapagtibay ang ebidensiyang sumusuporta sa bisa nito. Bukod

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

dito, inirekomenda rin sa mga tagapamahala ng paaralan at tagapagdesinyo ng kurikulum na isaalang-alang ang integrasyon ng naturang interbensyon sa mga programang pampagsasanay at sa pagbuo ng mga materyales sa pagtuturo, lalo na sa bahagi ng morpolohiya at talasalitaan.

Samakatuwid, mairerekomenda ang paggamit ng naturang interbensyon sa mga guro bilang bahagi ng kanilang estratehiyang panturo sa larangan ng Filipino. Gayunpaman, mainam ding isaalang-alang ang mas malawak na aplikasyon at karagdagang pag-aaral upang higit pang mapagtibay ang mga natuklasan.

TALASANGGUNIAN

1. *Afifah, T. & Faculty Of Education And Teacher Training Sultan Syarif Kasim State Islamic University Of Riau. (2021). The Correlation Between Students' Vocabulary Learning Strategies And Their Knowledge Of Affixes At Mtsn 1 Bengkalis [Thesis].*
2. *Al-Sakkaf, A.M. & Al-Mekhlafi, M. A.(2023). The Effectiveness of a Program Based on the Teaching of Affixes in Developing Morphological Awareness among the Students of the Faculty of Arts, Dhamar University. International Journal of Language and Literary Studies. 5(4).334-351. http://doi.org/ 10.36892/ijlls.v5i4.1496*
3. *Alsakkaf, Afaf & & □□□□, □□□□& Al-Sakkaf, □□□□□□ , □□□□& Abdu, Mohammad & Al-Mekhlafi, Mohammad Al-Sakkaf, Afaf. (2024). The Effectiveness of& □□□□ Teaching Affixes on Developing Vocabulary among the Students of the Faculty of Arts, Dhamar University The Effectiveness of Teaching Affixes on Developing Vocabulary . among the Students of the Faculty of Arts, Dhamar University 450-461. 2*
4. *Antrushina, G., Afanasyeva, O., & Morozova, N. (2021). Lexicology of the English language [3rd Ed.]. Bustard.*
5. *Anwar, I. & Rosa, R. N. (2020). The Role of Morphological Awareness and Explicit Morphological Instructions In ELT. Language Literacy: Journal of Linguistics, Literature, and Language Teaching, 4(1), 28-37.*
6. *Belyaev, A. N. (2023). Cognitive parameters of semantics and word formation of linguistic units. Bulletin of Chelyabinsk State University, 9(479), 5-13. https://doi.org/10.47475/1994-2796-2023-479-9-5-13*
7. *Bhatti, M. S. & Mukhtar, R. (2020). Improving Vocabulary through Word Formation at Secondary Level: A Survey. The Eurasia Proceedings of Educational and Social Sciences, 18, 143-151*
8. *Carlisle, J.F. (2003) Morphology matters in learning to read: A commentary Reading Psychology, 24 (3–4) (2003), pp. 291-322, 10.1080/02702710390227369*
9. *Chan, J. S., Wade-Woolley, L., Heggie, L., Kirby, J. R. (2020) Understanding prosody and morphology in school-age children's reading Reading and Writing, 33 (5) (2020), pp. 1295-1324, 10.1007/s11145-019-10005-4*
10. *Cohen, J. (1988). Statistical Power Analysis for the Behavioral Sciences (2nd ed.). Lawrence Erlbaum Associates. https://doi.org/10.4324/9780203771587*
11. *Ekwueme, J., & Ukazu, J. (2020, July). The Contributions of Morphology and Syntax to the Study and Use of the English Language. Namibia University of Science and Technology. ResearchGate. Retrieved September 20, 2023, from https://www.researchgate.net/publication/343151670_The_Contributions_of_Morphology_and_Syntax_to_the_Study_and_Use_of_the_English_Language*
12. *Georgiou, G. K., Savage, R., Dunn, K., Bowers, P., and Parrila, R. (2021) Examining the effects of Structured Word Inquiry on the reading and spelling skills of persistently poor Grade 3 readers. Journal of Research in Reading, 44, 131–153. https://doi-org.ezproxy.nwciowa.edu/10.1111/1467-9817.12325.*
13. *Gime, A. at Macascas, C. (2020). WikaGenZ: Bagong anyo ng Filipino slang sa Pilipinas. International Journal of Research Studies in Education, 9(3). DOI:10.5861/ijrse.2020.5823*
14. *Goodwin, A. P., & Jiminez, R. T. (2020, September). The Science of Reading: Supports, Critiques, and Questions. Reading Research Quarterly, 55(S1), S7-S16. Wiley. https://doi.org/10.1002/rrq.360*
15. *Gorumba, J. A. (2021). Morpolohikal na Pagsusuri sa Wikang Ceb-Waray. Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development.9(1)*
16. *İlter, İ. (2019). The Efficacy of Context Clue Strategy Instruction on Middle Grades Students' Vocabulary Development. RMLE Online, 42(1), 1–15. https://doi.org/10.1080/19404476.2018.1554522*
17. *K.C. Levesque, K.C. Breadmore, H. L. Deacon, S. H. (2021) How morphology impacts reading and spelling: Advancing the role of morphology in models of literacy development. Journal of Research in Reading, 44 (1) (2021), pp. 10-26, 10.1111/1467-9817.12313*
18. *Levesque, K. C., Breadmore, H. L., and Deacon, S. H. (2021). How morphology impacts reading and spelling: advancing the role of morphology in models of literacy development. J. Res. Read. 44, 10–26. doi: 10.1111/1467-9817.12313*
19. *Lopez, R. (2024). Kontekstuwalisadong learning activity sheet ng morpema at kasanayan sa talasalitaan. International Journal of Research Studies in Education, 13(2). https://doi.org/10.5861/ijrse.2024.24803*
20. *Moats, L. C. (2020). Teaching Reading Is Rocket Science: What Expert Teachers of Reading Should Know and Be Able to Do. American Educator, 44, 4–39.*
21. *Nation, I. S. P. (2022). Learning vocabulary in another language (3rd ed.). Cambridge University Press. https://doi.org/10.1017/9781009093873*
22. *Salih, H. M. O., Abdalla, W. A. A., Ali, D. A. A., Omdurman Ahlia University, Awadallah, A. M. N., & Omdurman Ahlia University. (2023). Investigating affixation problems which encounter EFL learners of King Khalid University. In Res Militaris: Vol. vol.13 (Issue n°2, pp. 4671–4672). https://resmilitaris.net/uploads/paper/3adcc486f4342ae6bea4fd2db3a183a9.pdf*
23. *Samaraweera, S G S.. (2025). The Influence of Morphological Awareness and Vocabulary Depth on Academic English Writing Skills of Undergraduates. Sri Lanka Journal of Social Sciences and Humanities. 5. 35-45. 10.4038/sljssh.v5i1.128.*
24. *Sharpe, D. M., (2023) "Strategic Morphology Interventions for Vocabulary Knowledge in Reading Comprehension" Culminating Experience Projects. 411. https://scholarworks.gvsu.edu/gradprojects/411*
25. *Tarigan, K. & Stevani, M. (2020). THE USE OF DERIVATIONAL SUFFIXES STRATEGY TO ENHANCE STUDENTS' MORPHOLOGICAL AWARENESS OF VOCABULARY MASTERY AT SMP SANTO PETRUS*

MEDAN IN THE ACADEMIC YEAR 2017/2018. 3. 348-366. 10.54367/aquinas.v3i2.789.

26. *Tarigan, K. E, & Stevani, M. (2020). Teaching Vocabulary Acquisition through Derivational Suffixes of SMP Santo Petrus Medan in the Academic Year 2017/2018. Budapest International Research and Critics in Linguistics and Education (BirLE) Journal, 3(2),999-1012*
27. *Temirgazina, Z. K., Andryushchenko, O. K., Aselderova, R. O., & Nikolaenko, S. V. (2023). Specificity of orientalist motives in the work of Pavl Vasiliev, the poet of the Asian frontier. Oriental Studies, 16(1), 232-244*
28. *Tighe, E., Kaldes, G. (2024) Why is Morphological Knowledge and Instruction Important for Adult Education Learners? https://doi.org/10.35847//ETighe.GKaldes.6.1.48*
29. *Yadav, M. K., & Yadav, M. S. (2021). A Theoretical Overview on the Impacts and Strategies of Morphology in English Language Teaching to the L2 Learners. International Journal of Research, 8(3), 311-331.*
30. *Yusnitasari, R., & Suwartono, T., (2020). Top Ten Most Problematic Grammatical Items for Indonesian Tertiary EFL Learner Writers. Premise: Journal of English Education, 9(1), 1.*
31. *Zaretsky, E., & Russak, S. (2024). Using oral narratives to examine acquisition of English verb morphology among multilingual Arabic and monolingual Hebrew speakers: finding similarities with monolingual English-speaking SLIs. International Journal of Multilingualism, 21(4), 2217-2238.*